




COVID-19 NOVEL CORONAVIRUS

Ang pagsusuot ng mask ay mahalaga sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19. Magsuot ng mask kapag ikaw ay nasa loob sa isang pampublikong lugar, o kapag mahirap gawin ang pisikal na pagdistansiya.

Naikakalat ang COVID-19 sa malapit na kontak sa dura ng taong may sakit nito. Maaaring maikalat ang dura sa pamamagitan ng pagbahin, pag-ubo, pagkanta o pakikipag-usap.

Maaari mong bawasan ang pagkalat ng iyong dura sa pamamagitan ng wastong pagsusuot ng mask.

Mga hakbang kung paano magsuot ng mask:




1. Hugasan ang iyong mga kamay nang 15 segundo.



2. Isuot ang mask sa iyong ilong at bibig. Isuot ang mga strap sa iyong mga tainga.



3. Tiyaking natatakpan ng mask ang iyong ilong at bibig.



4. Hugasang muli ang iyong mga kamay nang 15 segundo.



5. Subukang huwag hawakan ang mask mo habang suot ito. Kung mahahawakan mo ito, hugasang muli ang iyong mga kamay.



6. Kapag tapos ka nang gamitin ang mask, alisin ito gamit ang mga strap.



7. Ilagay ang maruming mask sa isang bag para linisin ito sa ibang pagkakataon. Kung ito ay mask na pang-isang beses na gamit, itapon ito.



8. Palitan ang iyong mask kung ito ay marumi, basa o nasira.



9. Hugasan ang iyong mga kamay kapag tapos ka nang gamitin ang mask.